IJARSCT
ISSN (Online) 2581-9429
International Journal of Advanced Research in Science, Communication and Technology (IJARSCT)
International Open-Access, Double-Blind, Peer-Reviewed, Refereed, Multidisciplinary Online Journal
Impact Factor: 7.53
Volume 4, Issue 2, August 2024

# Maikling Salaysay Hinggil sa Lawa ng Mainit: Lunsaran sa Pagtuturo ng Wikang Filipino sa Elementarya

**Galgo, Rosiemalinda M., Causing, Pilmore M., Escultor, Gemma R.**
Surigao Del Norte State University, Philippines

**Abstract**: *Ang pag-aaral na ito ay nakabatay sa maiikling salaysay hinggil sa Lawa ng Mainit bilang lunsaran sa pagtuturo ng Wikang Filipino sa elementarya sa ikatlong baitang. Ang pananaliksik na ito naglalayong tulungan ang mga guro upang mapagaan ang aralin sa pagtuturo. Ginamit ng mananaliksik ang palarawang paraan sa pag-aaral, kasama ang purposive at convenience sampling sa pagpili ng mga impormante upang makakuha ng impormasyon para sa gagawing maiikling salaysay. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga maiikling salaysay ng mga mag-aaral, nabigyang-diin ang kahalagahan ng kapaligiran sa pagpapaunlad ng kasanayan sa wika. Ang mga natuklasan ay naglalayong magbigay ng impormasyon at rekomendasyon sa mga guro at tagapagturo upang mapalakas ang kanilang mga pamamaraan sa pagtuturo ng Wikang Filipino sa isang kalikasan at kultura- orientadong paraan. Ang mananaliksik ay makikipanayam sa napiling labing isang (11) barangay na sakop sa Lungsod ng Mainit. May 25 na impormante na pakikipanayamin. Ang bawat sagot ng mga impormante ay gawan ng mananaliksik ng maiikling salaysay. Ang maging awtput nito ay isang workbook na nakabatay sa competency ng DepEd*

**Susing Salita:** Maiikling Salaysay, Lawa ng Mainit, Pagtuturo ng Wikang Filipino, Palarawang Paraan, Kasanayan sa Wika

## KABANATA 1
## PANIMULA

Ang pagtuturo ng Wikang Filipino sa elementarya ay isang mahalagang yugto sa paghubog ng mga batang mag-aaral, hindi lamang sa kanilang kaalaman sa wika kundi pati na rin sa kanilang kamalayan sa kultura at kasaysayan ng bansa. Isa sa mga epektibong paraan ng pagtuturo ay ang paggamit ng mga maiikling salaysay o kwento na may kaugnayan sa lokal na komunidad. Sa kasong ito, ang mga maiikling salaysay hinggil sa Lawa ng Mainit ay nagiging lunsaran sa pagtuturo ng Filipino sa mga mag-aaral.

Ang Lawa ng Mainit, na matatagpuan sa pagitan ng mga probinsya ng Surigao del Norte at Agusan del Norte, ay mayaman sa mga alamat, kwentong bayan, at iba pang uri ng salaysay na nagpapahayag ng kasaysayan, kultura, at kalikasan ng rehiyon. Gayunpaman, isa sa mga pangunahing suliranin ay ang pagkilala kung anong mga maiikling salaysay ang may kaugnayan sa lawa at paano ito maaaring gamitin sa pagtuturo ng mga pangunahing konsepto sa Filipino. Mahalaga ang pag-aaral na ito upang tukuyin ang mga kwentong maaaring maging instrumento sa mas epektibong pagtuturo.

Isa pang aspekto ng pananaliksik na ito ay ang pag-aaral ng mga salitang *magkatulad ang baybay at bigkas ngunit magkaiba ang kahulugan* sa wikang Surigaonon at Filipino. Ang pagkakaroon ng mga ganitong salita ay maaaring maging hamon sa mga mag-aaral ngunit nagbibigay din ito ng oportunidad upang palawakin ang kanilang kaalaman sa pagkakaiba ng wika. Ang mga kwentong may ganitong mga salita ay maaaring magsilbing mabisang materyal sa pagtuturo ng mga kasanayang pangwika tulad ng pagbasa, pag-unawa, at pagsusuri.

Ayon sa DepEd, ang mga kompetensi sa Filipino ay sumasaklaw sa iba't ibang aspeto ng wika tulad ng pakikinig, pagsasalita, pagbasa, at pagsusulat. Sa pamamagitan ng mga salaysay hinggil sa Lawa ng Mainit, nalilinang ang mga kasanayang ito habang hinuhubog din ang pagkilala ng mga mag-aaral sa kanilang lokal na pamayanan at kultura. Ang pag-aaral ng mga kwentong ito ay nagtataguyod ng integrasyon ng lokal na kultura sa edukasyon, na siyang isa sa mga layunin ng kurikulum ng DepEd.

Ang pananaliksik na ito ay isinagawa upang masagot ang mga katanungang ito upang higit pang maunawaan ang kahalagahan ng paggamit ng mga lokal na salaysay sa pagtuturo ng wika. Layunin nitong makapagbigay ng mga konkretong rekomendasyon kung paano maisasama ang mga kwento ng Lawa ng Mainit sa pagtuturo ng Filipino sa elementarya, nang sa gayon ay mapalawak ang kaalaman ng mga mag-aaral hindi lamang sa wika kundi pati na rin sa kanilang sariling kultura at kasaysayan.

Ayon kay Dr. Teresita Ramos (2011), napakahalaga ng pagmamahal ng Filipino sa kanyang kultura. Dagdag pa niya, nararapat lamang na ipagmalaki at isaisip ng bawat estudyante ang mga ito. Sinasabi rin na sa mga kwentong bayan tunay na masasalamin ang aspektong ispiritwal at historical ng isang lugar.

Nabanggit nina Lowrey at Johnson (2011) sa Kanilang teksto na nagbibigay ng pangkaisipang istabilidad at emosyonal na pag-unlad ang interpretatibong pagbasa.Sa paggamit ng maiikling salaysay na naglalarawan ng Lawa ng Mainit, maaaring magkaroon ng mas malalim na pag-unawa ang mga mag-aaral.

**Suring-Basa ng mga Literatura**

**Kultura**

Sa Pilipinas, ang kultura ay isang likas na bahagi ng buhay ng mga Pilipino na nagpapakita ng kanilang mga tradisyon, paniniwala, kaugalian, sining, musika, literature, at iba pang aspeto ng kanilang pamumuhay. Ito ay nagbibigay-takbo sa pagkakakilanlan ng bansa at pagpapahayag ng kahalagahan ng kasaysayan at karanasan ng mga Pilipino.

Ang kultura ay ang pagsali-salin ng mga tradisyon ng isang grupo ng tao o komunidad (PhilNews.ph,2020). Sa bansang Pilipinas na kinabibilangan ng Lungsod ng Surigao, ito ay ang pinaghalong mga tradisyon, paniniwala, at pamumuhay ng mga dayuhang sumasakop at ang mga katutubong Pilipino. Kabilang na sa mga napapasailalim sa kategoryang ito ang sining, awit, kasabihan, kagamitan, mga kwento, at selebrasyon. Ang bawat lugar sa mundo ay may sariling kultura na naaayon sa kanila. Ang kultura ay nababahagi sa dalawa: ang material, kung saan ito ay mga pisikal na manipestasyon ng kultura at di material, ito naman ay mga gawain o ugali ng isang pangkat.

Para kay Delacruz (2022), ang kultura ay isang pamamaraan ng buhay. Ito ay ang pagsasalin-salin ng mga tradisyon ng isang grupo ng tao o komunidad. Sa madaling salita, ito ay ang kabuuang kaisipan, kaugalian, o tradiyon ng isang bayan. Dahil sa kultura nakikilala ang isang lugar at ang mamamayan. Ito ang nagsisilbing identidad nila.

**Maiikling Salaysay**

Ang salaysay ay isang paraan ng pagpapahayag na nagkukwento. Ang isang salaysay ay nagpapahayag ng magkakasunod at magkakaugnay na mga pangyayaring pinagagalaw patungo sa isang tiyak na katapusan.

Ayon kay Julian (2014), may hulwarang balangkas ang salaysay. Ito ay ang magkakasunod at magkakaugnay na mga pangyayari. Mayroon itong: Simula, Gitna, at Wakas.Bago lumikha ng salaysay dapat isaalang-alang ang tatlong hakbang: Pagpili ng Paksa, Pagsusuri ng Paksa, at Pagbubuo ng Paksa. May anim na uri ng salaysay:Pangkasaysayn(historicalnarrative),Pantalambuhay (biographical narrative),Pakikipagsapalaran (narrative of adventure),Paglalakbay (travel narrative),Nagpapaliwanag (expository). May anyong pampanitikang salayasay tulad ng pabula, parabula, anekdota, maikling kwento, at nobela. May apat na paraan rin na ginagamit sa pagsasalaysay. Ito ay ang mga panauhan, paggamit ng usapan,gawing malapit sa mga mambabasa ang mga pangyayari,at paggamit ng kongkretong detalye.

Makabubuti rin ang pagbibigay ng magandang pamagat sa salaysay. Upang makapukaw ng interes ang pamagat, ito ay dapat maging kaakit-akit, may orihinalidad, di- pangkaraniwan, makahulugan, kapansin-pansin at kapana-panabik.

May iba't ibang paraan ng pagpili ng pamagat para sa salaysay. Maaari itong pangunahing tauhan sa salaysay, pinakamahalagang bagay sa salaysay, pook na may malaking kinalaman sa pangyayari, isipan o damdaming namayani sa salaysay, isang mahahalagang pangyayari sa kwento, at katotohanang pinatutunayan sa salaysay. Sa pagbabasa ng salaysay ay maaari mong masalamin ang kultura ng bansang pinagmulan ng salaysay.

**Ang Maiikling kwento**

May koneksyon ang maiikling salaysay at maiikling kwento. Ang kwento ay tumutukoy sa mga mahahalagang pangyayari sa buhay ng isang tao. Nagbibigay impresyon ito sa mga mambabasa lalo na kapag ang kanilang binasa ay nairelate nila sa kanilang totoong buhay.

IJARSCT
ISSN (Online) 2581-9429
International Journal of Advanced Research in Science, Communication and Technology (IJARSCT)
International Open-Access, Double-Blind, Peer-Reviewed, Refereed, Multidisciplinary Online Journal
Impact Factor: 7.53
Volume 4, Issue 2, August 2024

Ayon kay Edgar Allan Poe, ang tinaguriang Ama ng Maikling kuwento ay isang akdang pampanitikang likha ng guniguni at bungang-isip na hango sa isang tunay na pangyayari sa buhay. Ito ay nababasa sa isang tagpuan, nakapupukaw ng damdamin, at mabisang nakapagkikintal ng diwa o damdaming may kaisahan.

**Ugat ng Maikling kwento**

**Alamat-** Isinalaysay ng kwentong ito ang pinagmulan ng isang bagay, pook, pangyayari at iba pa. Pinalulutang din ditto ang mahahalagang mensahe at mga aral sa buhay.

**Pabula-** Ito ay isang uri ng kwentonggumagamit ng mga hayop bilang mga tauhan. Bagama't kathang isip lamang ang kwentong ito walang tiyak na batayan. Ang pabula ay nahahatid pa rin ng mahahalagang mensahe at aral ng buhay.

**Parabula-** Ito ay isang salaysay na hango sabibliya. Lumutang ditto ang moral at ispiritwal ng pamumuhay ng mga tao at ang paglalahad ay patalinghaga.

**Kwentong Bayan**- Ipinapakita sa salaysay na ito ang pag-uugali, tradisyon, paniniwala, pamahiin at kultura ng isang lipi.Inilalahad rin ditto ang mga suluraninghinarap ng tribu na siyang mag-iiwan ng aral ay tiyak na mensahe sa mga mambabasa.

**Anekdota-** Ito ay nagsasalaysay ng mga pangyayaring katawa-tawa at ang mga pangyayaring kapupulutan ng aral sa buhay.

**Mga Katangian ng Maikling Kwento**

Ang maikling kwento o salaysay may maayos at wastongpagkakasunod-sunod ng mga pangyayari na tinatawag na banghay. Gumamit rin ito ng isang paningin na tumutukoy sa kung sinong tauhan ang dapat magsasalaysay ng mga pangyayaring nakikita at naririnig niya. Ang pangunahing tauhan ay may suliraning tinataglay na dapat niyang bigyan ng kalutasan sa pagwawakas ng maikling kwento. May mahalagang ideya o paksang diwa na iniikiran ng mga pangyayari sa akda. Nagtataglay ang maikling kwento ng kulay ng damdamintulad ng kasiyahan, kalungkutan at iba pa. Natural na usapan o diyalogo ng mga tauhan. Nagkakaroon ng tunggalian ang pangunahing tauhan laban sa kapwa tauhan, sa kalikasan, o mismong damdamin niya. May kapanabikan, kasukdulan at kalakasan. May paggalaw at pag-unlad ng pangyayarisa kwento mula sa pagkakalahad ng suliranin tungo sa pagkalutas ng suliranin.

**Bahagi ng Maikling Kwento**

Ang maikling kwento ay may apat na bahagi. Ito ay Pagpapakilala sa tauhan,pagpapahiwatig ng suliraning kakaharapin ng mga tauhan, pagkakintal sa isipan ng mambabasa ng damdaming palitawin sa kwento, at paglalarawan ng tagpuan.
nag-uudyok ng pagmamahal sa kalikasan at kapwa.

**Mga Uri ng Maiikling Kwento**

May sampung uri ng kwento. Ito ay ang mga sumusunod:

**Una,** ang kwento ng tauhan na inilalarawan dito ang mga pangyayaring pangkaugalian ng mga tauhang nagsisiganap upang mabigyan ng kabuuan ang pag-unawa sa kanila ng isang mambabasa. **Pangalawa, kwento ng katutubong kulay.** Ito Binibigyang diin ditto ang kapaligiran at mga pananamit ng mga tauhan, ang uri ng kanilang pamumuhay, at hanapbuhay ng mga tao sa nasabing lugar. **Pangatlo, Kwentong Bayan.** Inilalahad ditto ang mga kwentong pinag-uusapan sa kasalukuyan ng buong bayan. **Pang-apat Kwento ng kababalaghan.**Dito pinag-uusapan ang mga salaysaying hindi kapani-paniwala. **Panglina, Kwento ng Katatakutan.** Naglalaman naman ito ng pangyayaring kasindak-sindak. **Pang-anim ,Kwento ng Madulang Pangyayari.** Binibigyang diin ang kapanapanabik at mahahalagang pangyayari na nakapagpapaiba o nakapagbago sa tauhan.**Pangpito, Kwento ng Sikolohiko.** Ito ang uri ng maikling kwentong bihirang isulat sapagkat may kahirapan ang paglalarawan ng kaisipan. Ipinadarama ditto sa mga mambabasa ang damdamin ng isang tao sa harap ng isang pangyayari at kalagayan. **Pangwalo, Kwento ng Pakikipagsapalaran.** Nasa balangkas ng pangyayari ang interes ng kwento ng pakikipagsapalaran. **Pangsiyam, Kwento ng katatawanan.** Ito ay nagbibigay-aliw at nagpapasaya sa mambabasa. **Pangsampu, Kwento ng Pag-ibig.** Ito naman ay tungkol sap ag-iibigan ng dalawang tao.

IJARSCT
ISSN (Online) 2581-9429
International Journal of Advanced Research in Science, Communication and Technology (IJARSCT)
International Open-Access, Double-Blind, Peer-Reviewed, Refereed, Multidisciplinary Online Journal
Impact Factor: 7.53
Volume 4, Issue 2, August 2024

**Mga Layunin ng Maikling Kwento**

Ayon kay Collins (2005) ang pagkukwento ay may apat na layunin. Una ay ang mapaunlad ang imahinasyon ng mga tagakinig. Pangalawa, mapalawak ang hangganan ng mga tagapakinig sa mga bagay-bagay.Pangatlo, makapagbibigay kasiyahan sa mga manonood at maging sa kanyang sarili mismo. Pang-apat, makatulong sa pagresolba ng mga problema.

Ang kwento na ito ay isang masalimoot na paglalakbay sa buhay ng mga mangingisda na naninirahan sa malapit na Lawa ng Mainit. Pinapakita ng may-akda ang kahalagahan ng sipag, tapang, at pagkakaisa sa harap ng mga pagsubok na kanilang hinaharap araw-araw.

Sa pamamagitan ng mga pambansang yaman ng kwento, naipapakita ng may- akda ang kagandahan ng kalikasan at ang pangangailangan ng tao na mapanatili ito. Ang mga mangingisda, sa kanilang simpleng pamumuhay, ay nagbibigay diin sa halaga ng pagmamahalan at pagtutulungan sa komunidad.

Ayon naman kina Llaneta (2020), Celeste (2016), at Aguila (2017) makikita na inuugnay nila ang mga maikling kuwento sa kaugalian ng mga tao mula sa kanilang lipunanng ginagalawan na nagpapakita ng kanilang pag-uugali

Batay naman kay Gambosa (2018) at Francisco (2018) sinasabi nila nakakagawa ang mga tao mula sa mga malilikot na imahenasyon mula sa kanilang kapaligiran at sa uri ng kanilang pamumuhay na makikita sa mga kuwentong pasalindila ng mga tao. Pinatunayan rin ito ni Allerite (2016) sa kanyang dokumentaryong pagsusuri na dapat bigyang pansin ang mga kuwento mula sa kuwentong magsasaka na nagmumula sa kanilang totoong pamumuhay.

Mula rin sa mga pag-aaral nina Manforte (2015) at Ilagan (2020) pinatunayan nila mula sa mga dokumentaryong pagsusuri ang iba’t ibang natunghayan at nakalap na makikita sa mga maikling kuwento na sumasalamin sa tradisyon, relihiyon, pamumuhay at kaugalian ng mga tao. Kuha ng lente mula sa kinabibilangang lipunan at pagkakakinlalan ng lahi.

Bilang tugon at panukala upang mapaunlad ang maikling kuwento binigyang pansin nina Taday (2017), Gambosa (2018) at Celeste (2016) na lumikha ng isang kagamitang pampagtuturo bilang lunsaran na magagamit sa pag-aaral at pagkatuto.

Ayon sa Teoryang Etnosimbolismo (Ethnosymbolism Theory) na ginamit ni Lliesol sa kanyang aklat, batay sa teorya, may bahaging ginagampanan ng pag-aaral ng kasaysayan sa buhay ng mga mamamayan at kasaysayan ng pangkomunidad na pagkakakilanlan ng ideya, paniniwala, pag-uugali at kaalaman. Ito ay nagsilbing gabay para sa pang araw-araw na pamumuhay. Nakakatulong rin ito na mapaunlad at maiahon ang mga tao mula sa kahirapan.

**Wikang Filipino**

Kaugnay ng repormal ukol sa MELC ang ilang mga pag-aaral sa kalakaran ng pagtuturo ng wika at panitikan sa panahon ng pandemya. Sa pag-aaral ni Guvenc (2022), malaking pagbabago sa kalakaran ng pagtuturo sa wika at panitikan dulot ng pandemya. Sa kabila ng pagbabago ng modalidad na online, Nakita parin ang pagnanais ng kapwa guro at mag-aaral na maging malikhain, puno ng partisipasyon at motibasyon ang mga Gawain, at paglikha ng iba’t ibang makabuluhang pagkatuto. Sa ganitong konteksto, nabago rin ang proseso ng pagtuturo at pagtataya. Kaugnay nito, lente at perspektiba sa pagtuturo ng literature at wika ang ipinanukalani Abarquez (2021) kaugnay ng tatlong mahahalagang tema: layunin sa programa, dulog sa pagkatuto, at bagong paraang pedagohikal. Sa ganitong lente at perspektiba, magagabayan ang guro sa mga tuon at direksyon sa hamon ng pagtuturo.

May mga suliraning kinakaharap ngayon ang mga kabataan tungo sa pagkatuto. Dahil sa pagbabago ng kurikulum na RBEC at ngayon ay nagiging K-12 na, kadalasan sa mga kabataan ay hirap na sa pagsabay sa mga aralin dahil sa may mga nadagdag na mga subjects.Sa katunayan, batay sap ag-aaral na isinagawa ng Pulse Asia, makalipas ang apat na taong implementasyon ng dagdag na dalawang taon sa kurikulum, lumalabas na maraming Pilipino ang hindi nasisiyahan o satisfyd dahil hindipa rin nito natugunan ang mga dati nang problema sa sistemang edukasyontulad ng kakulangan sa pasilidad at mga guro (Ismael, 2020)

Malinaw ang implikasyong nalilinang ang mga kasanayan kung kontekstuwalisado ang aralin bilang salik sa matagumpay na haplos-padagohikal. Patunay ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsunod-sunod sa pangyayari, pagkukuwento, paglalarawan, pagpapahayag ng sariling idea at damdamin, at iba pang kasanayang komunikatibo sa inaasahan nitong bunga (Persaud, 2021). Ang mga aspetong dapat maisaalang-alang upang tuluyang matamo ang

IJARSCT
ISSN (Online) 2581-9429
International Journal of Advanced Research in Science, Communication and Technology (IJARSCT)
International Open-Access, Double-Blind, Peer-Reviewed, Refereed, Multidisciplinary Online Journal
Impact Factor: 7.53
Volume 4, Issue 2, August 2024

kasanayang komunikatibo ay dapat na makita sa mga pagsasanay upang mataya kung gaano kalawak ang mga kaalaman at kasanayang natamo ng mag-aaral.

Pinatunayan ni Iligan (2020), na ibinabatay ang maikling kwento na sumasalamin sa tradisyon ng mga tao na nagpapakita ng kanilang pagkakakilanlan.

Ang pagsasanib-puwersa ng tekstong ito at ang makatotohanang paglalarawan sa mga pangyayari sa buhay ng mga mangingisda ay nagbibigay daan para sa masusing talakayang pang-klase. Isinasalaysay ng may akda ang mga karanasan ng mga tauhan sa paraang makakatugma at makakakulay para sa mga batang mambabasa.

**Mga Lunsaran sa Pagtuturo**

Ang lunsaran pagtuturo ang nagbibigay susi para maiukit sa utak ng mga mag-aaral ang panibagong paksa na ituturo ng guro sa loob ng klase. Ito ang pasimula ng guro para mabuksan ang nakasarang pag-iisip ng mga kabataan. Nagbibigay ito ng kulay para sa pagpapakilala ng bagong aralin. Ayon kay Faeldan (2009) ang mga lunsaran sa pagtuturo ay ang tula, kuwento, anekdota, alamat, dula-dulaan, komik strip, talumpati, sanaysay,balita,pangulongtudling,liham, talaarawan, talambuhay, anunsyo, salaysay at iba pa. Ang mananaliksik ay gagawa ng pakikipanayam na siyang gawing salaysay at ito ay gawan ng workbook. Ang salaysay ay mabisang gamitin sa aglalahad ng aralin. Nakatutulong ito upang malinang ang kaalaman at maragdagan ang talasalitaan ng mga bata. Madali itong maunawaan at magaang basahin. Nagsisilbing libangan rin ito ng mga bata.

Sa pangkalahatan, ang salaysay ay hindi lamang nagbibigay-aliw kundi nagtuturo rin ng mga aral sa pag-unlad, pagkakaunawaan sa kapwa, at pangangalaga sa kalikasan. Ito ay isang makabuluhang material para sa pagtuturo sa elementarya na nagbibigay inspirasyon.

**Lawa ng Mainit**

Ang Lawa ng Mainit ang ikaapat sa pinakamalawak na lawa sa Pilipinas na may sukat na isang daan pitompu tatlo at may apat na pu (173.40) square kilometro (66.95 sq mi). Ito ang pinakamalalim na lawa sa buong bansa na may dalawang daan dalawampu tatlo metro o 223 metro o (732 ft) (LMDA, 2005). Ito ay nakapaloob sa northeastern seksyon sa Mindanao at nasa gitna ng probinsya ng Surigao del Norte at Agusan del Norte. Ito ay nakapaloob sa jurisdiksyun ng apat na municipality ng Mainit, Alegria, Kitcharao, at Jabongga. Tatlumpu’t isang (31) barangay na nakadepende sa lawa para sa pagkain at pangkabuhayan. Pangingisda ang isa sa mga pamumuhay ng mga tao na nakatira malapit sa lawa.

**Indihinus na Pangingisda**

Ayon sa mga nakalap na mga impormasyon, may limang klaseng pangingisda ang ginagamit ginagamit ng mangingisda ang kanilang bangka para magsilbing sasakyan para pumalaot. Titingnan nila ang kanilang inilagay na mga screen kung mayroon bang nakapasok na mga isda. Ang iba naman ay gagamit ng pana. Sa pamamagitan ng paglangoy pailalim, makikita nila ang mga isda. Kukunin nila ito gamit ang kanilang mga pana. Ang iba naman ay gagamit ng pokot o laya na gawa sa mga naylon. Papalaot sila sakay sa baroto na bitbit ang laya na gawa sa naylon at ilaglag nila sa tubig. Hihilain nila iyon kung mabigat na. Kadalasang makukuha sa Lawa ng Mainit ang telapya, karpa, bogwan, pijanga, luyab, igi, kohol, pantat, hayuan at kasili.

**Sintesis.** Ang mga nabanggit na kaisipan, impormasyon, teorya at pag-aaral na nasaliksik para sa kaugnay na literature ay masasabing may kaugnayan sa pag-aaral na isinagawa ng mananaliksik sa kasalukuyang panahon. Ayon kaisipan nina Sara at Gertrude, ang panitikan ay isang pagpapakahulugan sa buhay, ito ay nangangailangan ng pag-unawa sa buhay at pakikipamuhay ng tao. Samakatuwid ito ay nangangailangan ng masinsinang pagsasagawa sa proseso ng pag-unawa sa bawat buhay na napapaloob sa bawat panitikan. May kaugnayan ito sa sinabi ni Collins (2005) na upang higit na maging matagumpay ang gawaing pagbabasa o malikhaing pagkukwento ng mga panitikan, marami ang dapat iwasan at isaalang-alang. Ang pagsasaalang-alang sa mga ito ay naghahatid sa isang mambabasa tungo sa mas malalim at masining na pag-unawa sa panitikan ng buhay. Ang panitikan ay buhay na binibigyang pakahulugan ng mga tao.

IJARSCT
ISSN (Online) 2581-9429
International Journal of Advanced Research in Science, Communication and Technology (IJARSCT)
International Open-Access, Double-Blind, Peer-Reviewed, Refereed, Multidisciplinary Online Journal
Impact Factor: 7.53
Volume 4, Issue 2, August 2024

**Paglalahad ng Suliranin**

Isinagawa ang pag-aaral na ito sa pagnanais na matuklasan ang mga maiikling salaysay hinggil sa Lawa ng Mainit bilang lunsaran sa pagtuturo ng wikang Filipino sa elementarya at maitatag ang pundasyon ng pagkakaroon ng pormal na teksto sa mga salaysay. Bibigyan ng kasagutan ng mananaliksik ang mga sumusunod na tiyak na mga tanong:

1. Ano-ano ang mga maiikling salaysay o naratibo ang may kaugnayan o halaw sa Lawa ng Mainit?
2. Ano- ano ang magkakatulad na baybay at bigkas ng mga salita sa Sinurigaonon ngunit magkaiba ang kahulugan na matatagpuan sa Wikang Filipino?
3. Ano-ano ang mga kompetensi sa DepEd na naisakatuparan sa pamamagitan ng paggamit ng mga salaysay na halaw sa Lawa ng Mainit?

Sa pag-aaral na ito, kailangang makabuo ng mga solusyon at rekomendasyon para sa mga guro sa elementarya upang maging mas epektibo ang kanilang pagtuturo hinggil sa environmental awareness at pangangalaga sa kalikasan sa pamamagitan ng maiikling salaysay hinggil sa Lawa ng Mainit.

## KABANATA 2
## METODOLOHIYA NG PANANALIKSIK

Ang kabanatang ito ay napapalooban ng mga pamamaraang ginamit ng mananalisik sa paglikom ng mga datos, at ang pag-aanalisa ng mga datos upang masagot ang mga suliranin.

**Desinyo**

Ginamit ng mananaliksik sa pag-aaral na ito ang paraang palarawan sa uri na interbyu. Ang paraang palarawan ay ginagamit sa paglalarawan sa mga maiikling salaysay hinggil sa Lawa ng Mainit upang malaman ang matagal nang nakatagong panitikan na mayroon ang Bayan ng Mainit. Inilalarawan din ang mga temang nakapaloob sa maiikling salaysay, mga klasipikasyon, mga karanasan, at ang mga katutubong saloobin na nakapaloob sa maiikling salaysay.

Sa pagkolekta ng maiikling salaysay hinggil sa Lawa ng Mainit, ito ay mauri bilang isang naratibong teksto, ayon sa Elcomblus (2020), ito ay pagsasalaysay o pagkukwento ng mga pangyayari sa isang tao o mga tauhan, nangyari sa isang lugar at panahon o sa isang tagpuan nang may maayos na pagkasunod-sunod mula sa simula hanggang katapusan. Sinunod ng mananaliksik ang pamamaraan ng paginterbyu at ang estruktura ng interbyu mula sap ag-aaral nina Jong at Jung (2015) na “The Development of Interview Techniques in Language Studies: facilitating the Researchers’ Views of Interactive Encounters”. Gamit ang pag-aaralnatukoy ang kalikasan ng interbyu, kung saan ito ay isang pagsasalita na kaganapan, dahil kadalasan ang mga lokal sa isang bayan ay hindi hasa sa pagsulat o nahirapang magsulat dulot ng kakulangan sap ag-aaral. Sunod naman ay ang uri ng interbyu, ito ay isang “ Semi-Structured” na interbyu,dahil ito ay pasalita.Ginawa ito kadahilan na ang bawat interbyu ay nangangailangan ng mga tanging pagsunod na tanong, ayon sa patutunguhan ng pag-uusap ng mananaliksik at lokal, pero mayroong lista ng mga tanong na nagsisilbing gabay na kinakailangan masagot ng mga interbyu. Sa panghuli ay ang klasipikasyon ng interbyu, ito ay isang instrument ng pananaliksik, dahil ang impormasyon na malilikom ay nakasalalay sa mananaliksik.

Ang mananaliksik ay gumawa ng bagong lipon ng mga katanungan na naayon sa datos na kakailanganin, habang nakabatay sa isang metodo mula sa aral ni Scarneci-Domnisoru (2013). Sinimulan ito sa pagpapaalam ng isang sulat ng pakikilahok at kung para saan ang interbyu na gaganapin. Pagkatapos ay pinapakilala ang sarili at pinapaliwanag ang paksang tatalakayin upang mabigyan ng ideya ang kinapanayam sa maaaring masagot sa tanong. Tatanungin ng isang masusing tanong ang kapanayamin upang uumpisahan ang pagpapanayam.

**Impormante at Validator**

**Krayterya sa Pagpili ng Impormante**

Ang mga impormante para sa pananaliksik na ito ay kinabibilangan ng mga mamamayan sa Lungsod ng Mainit, na matatagpuan sa lalawigan ng Surigao del Norte. Gumamit ang mananaliksik ng purposive sampling upang masiguro na ang mga respondent ay lokal ng naturang lugar. Ang mga miyembro ng komunidad na ito ang magbibigay ng mga maiikling salaysay na may kaugnayan sa hanapbuhay, turismo, at libangan.

Ang pagpili ng mga impormante na pakapanayamin hinggil sa pangingisda, libangan, at turismo ay mahalaga upang makakuha ng tumpak at malalim na kaalaman. Narito ang mga karaniwang krayterya at proseso sa pagpili ng mga impormante:

1. ***Pagkakaroon ng Kaalaman at Karanasan** sa **Pangingisda:** Para sa pangingisda, ang mga impormanteng pipiliin ay dapat mga lokal na mangingisda na may sapat na karanasan sa lugar. Sila ay dapat direktang nakikilahok sa pangingisda sa Lawa ng Mainit at may kaalaman sa mga tradisyonal at modernong pamamaraan ng pangingisda. Maaari ring isaalang-alang ang mga lider ng kooperatiba o asosasyon ng mga mangingisda. –

**2. Pagkakaroon ng Kaalaman at Karanasan sa Libangan:** Ang mga impormanteng may kaugnayan sa libangan ay maaaring mga lokal na residente,na matagal nang naninirahan sa malapit sa lawa

3. **Pagkakaroon ng Kaalaman at Karanasan sa Turismo:** Ang mga impormante para sa turismo ay karaniwang mga negosyante na may mga establisimyento sa paligid ng lawa.

Sa pagpili ng mga impormante, mahalagang tiyakin na kinakatawan ang iba't ibang stakeholders. Halimbawa, sa pangingisda, hindi lamang mangingisda ang dapat kapanayamin kundi pati na rin ang mga mamimili ng isda o mga eksperto sa pangisdaan. Sa turismo, dapat kasama ang mga turista, lokal na residente, at mga opisyal ng pamahalaan upang makuha ang iba't ibang pananaw.

Dapat piliin ang mga impormante na may kakayahang magbahagi ng kanilang karanasan at opinyon nang malinaw. Ang mga impormanteng bukas sa pagbabahagi ng kanilang mga pananaw at impormasyon ay mahalaga para makuha ang kalidad na datos.

**4.Tagal ng Paninirahan o Pakikilahok-** Ang tagal ng paninirahan o pakikilahok ng impormante sa pangingisda, libangan, o turismo sa Lawa ng Mainit ay mahalagang krayterya. Mas bibigyan ng prayoridad ang mga impormanteng matagal nang nakatira o nagtatrabaho sa lugar dahil mas may malalim silang kaalaman at karanasan.

**5. May hustong Gulang-** Ang mga impormante ay may 30 pataas ang gulang.

**6. Rekomendasyon ng Lokal na Pamahalaan o Komunidad** Madalas, ang mga impormante ay nirerekomenda ng lokal na pamahalaan, mga lider ng komunidad, o ibang mga impormante. Ito ay upang matiyak na ang mga mapipiling tao ay may kredibilidad at kinikilala sa kanilang komunidad o larangan.

**Accessibility o Aksesibilidad**

Ang mga impormante na malapit sa lugar ng pananaliksik at madaling makapanayam ay maaaring piliin para sa praktikalidad. Gayundin, dapat isaalang-alang ang kanilang kakayahan na makilahok sa panayam, lalo na sa oras at pisikal na kalagayan. Proseso ng Pagpili:

1. ***Preliminary Research:** Maaaring magsagawa ng paunang pag-aaral o pagkolekta ng impormasyon tungkol sa mga pangunahing indibidwal o grupo na sangkot sa pangingisda, libangan, at turismo.

2. ***Pagtatanong sa Lokal na Komunidad:** Makakatulong ang pakikipag-usap sa mga lokal na opisyal o mga kilalang tao sa komunidad upang makilala ang mga potensyal na impormante.

3. ***Pagbuo ng Listahan ng Mga Posibleng Impormante:** Mula sa rekomendasyon at research, bubuo ng listahan ng mga indibidwal na pinakamainam na kapanayamin base sa mga nabanggit na krayterya.

4.***Pag-follow-up:** Dito ay inaabot ang mga napiling impormante upang kumpirmahin ang kanilang kahandaan at availability para sa panayam. Sa kabuuan, ang tamang pagpili ng mga impormante ay mahalaga upang makuha ang tumpak at malalim na impormasyon na may kaugnayan sa pangingisda, libangan, at turismo sa Lawa ng Mainit.

Ang mga maiikling salaysay nakolekta mula sa mga impormante ay isasasalin sa Filipino ng mananaliksik at susuriin ng mga dalubhasa sa panitikan at kultura.

**Krayterya sa Pagpili ng Validator**

Ang pagpili ng mga validator para sa pagsasalin ng maiikling salaysay mula Bisaya patungong Filipino ay mahalaga upang matiyak ang kalidad, katumpakan, at kaangkupan ng salin. Narito ang mga pangunahing krayterya sa pagpili ng validator:

*Kakayahang Wika (Language Proficiency)

Ang validator ay dapat magkaroon ng mahusay na kasanayan sa parehong wikang Bisaya at Filipino. Dapat siyang fluent sa pag-unawa, pagsasalita, at pagsulat ng dalawang wika upang masuri ang tamang pagsasalin ng mga ideya at konteksto mula sa Bisaya patungo sa Filipino. Mahalaga ring may malalim na pag-unawa ang validator sa mga

kulturang kinakatawan ng parehong wika upang matiyak na tama ang pagsasalin ng mga nuances o pahiwatig na kultural.

2. *Karanasan sa Pagsasalin (Translation Experience)-Dapat ay may karanasan ang validator sa pagsasalin, lalo na mula sa Bisaya patungong Filipino o vice versa. Mas mainam kung ang validator ay may background sa propesyonal na pagsasalin o nakagawa na ng mga proyekto na may kaugnayan sa ganitong uri ng gawain. Kung maaari, dapat may pormal na edukasyon o pagsasanay ang validator sa linguistics, translation studies, o isang kaugnay na larangan upang masiguro ang teknikal na kakayahan sa pagsasalin.

3. Eksperyensya sa Pagsusuri (Editing/Validation Experience)* - Ang validator ay dapat may karanasan sa pag-eedit o pagsusuri ng mga teksto upang masuri ang kalidad at katumpakan ng salin. Dapat nilang makilala ang mga pagkakamali o hindi angkop na pagsasalin, pati na rin ang mga aspeto ng grammar, syntax, at coherence. Mahalaga rin na ang validator ay masinsin sa pagtingin sa bawat detalye ng salin, mula sa maliliit na aspeto ng grammar hanggang sa mas malawak na kahulugan ng mga ideya.

4. *Pag-unawa sa Konteksto ng Salaysay-Kung ang salaysay ay may tiyak na paksa (hal., pangingisda, kultura, o kasaysayan), mahalaga na ang validator ay may sapat na kaalaman o background sa paksang iyon upang masigurado na ang mga teknikal o espesipikong termino ay tama at nauunawaan sa parehong wika. Ang validator ay dapat may kaalaman sa kaugnay na mga komunidad at kanilang partikular na ekspresyon o diyalekto upang maging mas tiyak at tama ang pagsasalin. damdamin ng salaysay.

5. *Reputasyon at Kredibilidad - Ang validator ay dapat may reputasyon sa kanilang komunidad o propesyon bilang isang mapagkakatiwalaan at may kakayahang tagapagsalin o tagapag-suri ng wika. Maaaring sila ay inirerekomenda ng mga lokal na eksperto o may malawak na karanasan sa ganitong gawain. Maaari ring isaalang-alang ang mga validator na kasapi o inirerekomenda ng mga organisasyon na may kaugnayan sa wika at pagsasalin, tulad ng mga translators' association.

**Kaligiran ng Pananaliksik**

Ang saklaw sa pag-aaral na ito ang labing isang (11) barangay ng Munisipyo ng Mainit. Ito ay mga barangay ng Tapian, Tagbuyawan, Mansayao, San Francisco, Tolingon, Matin-ao, San Isidro, Quezon, Mabini, Roxas At Magpayang. May dalamput limang (25) tagatugong mangingisda sa gagawing pakikipanayam.

May dalampu’t isang (21) barangay ang Lungsod ng Mainit. May mga magagandang tanawin dito. Dinarayo ito ng mga turista dahil sa gandang taglay na nakapaloob dito. Nakakabighani ang ganda ng Mapaso Hot Spring, Togonan Falls at Kasili Lake Resort at higit sa lahat ang malaking Lawa ng Mainit. Bus, multicab, o motorcycle ang sasakyan mula Surigao patungong Mainit.Ang pamasahe ay nagkakahalagang isang daan (100) kung sasakay ka ng multicab. Dalawang daan naman mahigit kapag bus ang sasakyan dahil hindi diritso ang byahe. May isang oras mahigit ang bayahe.

Ang Lungsod ng Mainit ay sakop sa lalawigan ng Surigao del Norte na bahagi ng lumang teritoryo na umiiral sa Hilagang Mindanao na tinawag na "Caraga". Ito ay pinangalanan pagkatapos ng mga taong tinawag na "Calagans", pinaniniwalaang nagmula sa Bisaya. Sila ang mga naninirahan sa Lalawigan ng Surigao sa mga panahong iyon.


Ang Lawa ng Mainit ay matatagpuan sa hilagang bahagi ng Mindanao, sa pagitan ng mga lalawigan ng Agusan del Norte at Surigao del Norte. Ito ay sakop ng dalawang lalawigan—Agusan del Norte at Surigao del Norte. Malapit sa mga bayan ng Mainit, Kitcharao, Jabonga, at Santiago. Nasa hilagang bahagi ito ng Agusan Valley, na isang pangunahing patag at mababang kapatagan sa Mindanao. Ito ay may lawak na humigit-kumulang 173.4 square kilometers, ito ang pang-apat na pinakamalaking lawa sa Pilipinas. May haba itong 29.1 kilometro at lapad na 10 kilometro.

Maraming ilog ang dumadaloy papunta sa Lawa ng Mainit, kabilang ang Mainit River, Asiga River, at iba pang mas maliliit na sapa at ilog mula sa mga bundok sa paligid. Ito ay umaagos patungong hilaga sa pamamagitan ng Kalinawan River, na dumadaloy patungo sa Look ng Butuan (Butuan Bay), bahagi ng Dagat ng Pilipinas (Philippine Sea).

Sa mapa ng Lawa ng Mainit, makikita ang hugis-itlog na anyo ng lawa na napapalibutan ng mga bundok at kapatagan. Sa hilagang bahagi nito matatagpuan ang Kalinawan River, na pangunahing daluyan ng tubig palabas mula sa lawa patungong dagat. Ang mga bayan ng Mainit (Surigao del Norte) at Kitcharao (Agusan del Norte) ay nasa paligid ng

IJARSCT
ISSN (Online) 2581-9429
International Journal of Advanced Research in Science, Communication and Technology (IJARSCT)
International Open-Access, Double-Blind, Peer-Reviewed, Refereed, Multidisciplinary Online Journal
Impact Factor: 7.53
Volume 4, Issue 2, August 2024

lawa. Sa kanlurang bahagi ay ang bayan ng Jabonga, habang ang Santiago naman ay nasa timog-kanlurang bahagi. Sa mapa, maaaring makilala ang mga ito bilang mga munisipalidad na malapit sa lawa.




**Figyur 1.** Mapa ng Mainit Lake, Mainit, Surigao del Norte

Kung titingnan sa mapa, ang Lawa ng Mainit ay madaling maabot mula sa mga pangunahing lungsod sa Mindanao tulad ng Butuan at Surigao City. Mula sa Butuan City, ang lawa ay tinatayang nasa 2.5 oras na biyahe sa pamamagitan ng land travel na may 180 ang pamasahe. Mula naman sa Surigao City, ang lawa ay tinatayang may 1 oras na byahe sa pamamagitan ng land travel na may pamasahing 80 pesos. Mayroon ding mga kalsada na nag-uugnay sa mga bayan sa paligid ng lawa.

Ang isang detalyadong mapa ng Lawa ng Mainit ay makakatulong sa mga turista at mga mananaliksik na mas maunawaan ang topograpiya at aksesibilidad ng lawa. Makikita rin sa mga online maps tulad ng Google Maps ang eksaktong lokasyon at mga landas papunta sa lawa.

Ang mga tagatugon sa pag-aaral na ito ay ang mga impormanteng mangingisda o may karanasan hinggil sa lawa ng Mainit tulad ng hanapbuhay, turismo, at libangan.

**Talahanayan 1.** Populasyon ng mga Impormante

| TAGATUGON | N |
|---|---|
| **Mga Impormante:**<br>**Hanapbuhay, Turismo, Libangan,** | **25** |
| **KABUUAN** | **25** |

Makikita sa talahanayan ang populasyon ng mga impormante sa pag-aaral na ito. Ang mga impormante ay ang 25 na tao na may karanasan hinggil sa Lawa ng Mainit na nakatira malapit sa lawa na mula sa labing dalawang barangay sa Lungsod ng Mainit. Ang mga karanasan ay tungkol sa hanapbuhay, turismo, at libangan.

IJARSCT
ISSN (Online) 2581-9429
International Journal of Advanced Research in Science, Communication and Technology (IJARSCT)
International Open-Access, Double-Blind, Peer-Reviewed, Refereed, Multidisciplinary Online Journal
Impact Factor: 7.53
Volume 4, Issue 2, August 2024

**Instrumento ng Pananaliksik**


Ang mga sumusunod ay ang mga instrumenting gagamitin sa pag-aaral.

**Instrumento 1.** Ang unang instrumento sa pag-aaral na ito ay ang isang talatanungan na gagamitin sa pakikipanayam sa mga impormante na nakatira malapit sa Lawa ng Mainit tungkol sa kanilang mga karanasan sa hanapbuhay tungkol sa pangingisda, turismo, at libangan. Semi-Structured Interview Guide ang ginamit sa pagtatanong. Ang semi-structured interview guide ay isang listahan ng mga tanong na hindi lubos na mahigpit ang pagkakasunod-sunod o pormulasyon. Bagama't may inihandang mga tanong, binibigyan nito ng espasyo ang mga mananaliksik at impormante na magpalitan ng opinyon at impormasyon na maaaring hindi nakalagay sa guide.

**Instrumento 2:** Ang pangalawang instrument ay ang paggamit ng audio recorder. Ito mahalaga sa pagkuha ng eksaktong sagot ng mga respondente. Makakatulong ito sa pag-replay ng mga sagot upang masuri at maitala nang tama ang lahat ng impormasyong ibinigay sa panayam. - *Laman*: Dapat tiyakin na malinaw ang pagkuha ng boses at may sapat na pahintulot mula sa mga respondente para i-record ang kanilang mga sagot.

**Paraan ng Pangangalap ng Datos**

Ang hanay na ito ay naglalaman ng instrumentong ginamit at paraan ng paglilikom ng datos.




**Figyur 2.** Paraan ng pangagalap ng datos

IJARSCT
ISSN (Online) 2581-9429
International Journal of Advanced Research in Science, Communication and Technology (IJARSCT)
International Open-Access, Double-Blind, Peer-Reviewed, Refereed, Multidisciplinary Online Journal
Impact Factor: 7.53
Volume 4, Issue 2, August 2024

**Kabanata 3**

**Presentasyon at Pagtatalakay ng mga Datos**

Napapaloob sa kabanatang ito ang presentasyon at pagtatalakay ng mga datos batay sa nakalap ng mananaliksik na Maiikling Salaysay hinggil sa Lawa ng Mainit bilang lunsaran sa pagtuturo sa Wikang Filipino sa elementarya. Sa paglalahad ng mga nakalap na mga datos mula sa maiikling salaysay, ang mananaliksik ay gumamit ng mga talahanayan upang maging sandigan sa pagbibigay talakay sa mga suliraning inilahad ng pananaliksik na ito. Makikita dito ang pagtatalakay sa mahahalagang suliranin na binigyang pansin sa pag-aaral na isinasagawa.

**Ano-anong maiikling salaysay o naratibo ang may kaugnayan o halaw sa Lawa ng Mainit?**

Ang talahanayann sa ibaba ay naglalaman ng mga uri ng maiikling salaysay na may kaugnayan sa Lawa ng Mainit.

**Talahanayan 1 .** Mga Maiikling salaysay o Naratibo ang may Kaugnayan o halaw sa Lawa ng Mainit.

| Maiikling Salaysay | Pangalan ng Impormante |
|---|---|
| 1.Ang Lawa ng Mainit | Joel S. Cordovez |
| 2.Alon | Jomar T. Labe |
| 3.Ang Fishcage ni Marjhun | Marjhun Paradero |
| 4.Ang Mapagtapos ang Tatlong Anak | Reynaldo O. Cabalan |
| 5.Tagu-Taguan | Nick B. Mondano |
| 6.Ang Pinagkukunan ng Kabuhayan | Jerome E.Balasabas |
| 7.Pagpupursige para sa Kinabukasan | Lynlyn Pantilo |
| 8.Daluyong | Florah L. Pendulas |
| 9.Bakasyon | FilgremsL. Caputol |
| 10.Sakrippisyo | Jeanette Escalante |
| 11.Ang Hamon ni Mang Alejandre | Alejandre Diamola |
| 12.Hiwaga | Anaricel L. Gaspar |
| 13.Alon ng Buhay | Beverly E.Alquizar |
| 14.Alaala'y Nakaukit | BlessilaI.Barcelona |
| 15.Lambat | Bonifacio Mondano |
| 16. sagisag ng Pag-asa | Romeo B. Mission |
| 17.Paglangoy | Jocelyn A. Moleta |
| 18.Hamon ng Buhay | Riza D. Diamola |
| 19.Bagong Kaibigan | Louiela May J. Rein |
| 20.Hangga't Bata pa sa Lawa | Virginia Batiancilla |
| 21.Hiwaga sa Lawa | Devanie G. Bacat |
| 22.Floating Cottage | Alvin M. Buniel |
| 23.Kaibigan | Emlyn M. Tanare |
| 24.Bangka | Jona M. Sila |
| 25.Payapang Dala ngLawa | Jasmine P.Sta. Ana |

Ang maiikling salaysay ay galing sa mga taong may karanasan hinggil sa Lawa ng Mainit.Ang bawat salaysay nila ay sumisimbolo sa kahalagahan ng hanapbuhay at paghubog ng kanilang pagkatao. Bawat impormasyon ay sumasalamin sa isang buhay na nangangarap ng kaginhawaan, solusyon ng problema, katahimikan at kasiyahan na siyang nagpapatibay ng isang lugar.

Sa tulong ng mga experto o kasamahang guro, natukoy ang genre ng mga kwentong sinalaysay ng mga impormante. Ito ay ang hanapbuhay sa pangingisda, Turismo, libangan sa pamilya o mga kaibigan kapag may kaarawan at kanlungan kapag may problema.

Kaugnay nito, ang uri ng maiikling salaysay na hanapbuhay ay tumutukoy sa gawain o trabaho ng ginagawa ng isang tao upang kumita ng pera at mabuhay. Ito ay maaaring maging anumang uri ng trabaho o aktibidad na nagbibigay ng kabuhayan at pinagkukunan ng kita, tulad ng pagtatrabaho sa opisina, pangingisda, pagsasaka, pagtitinda, at maraming

pang iba. Ang hanapbuhay ay kritikal sa pang-araw-araw na pamumuhay ng tao, sapagkat ito ang nagbibigay sa kanila ng mga pangangailangan at nais sa buhay.Ang pangingisda sa Lawa ng Mainit ay maaaring mayaman sa ibat ibang uri ng isda at iba pang marine resources. Ang pangingisda ay maaaring maging isang pangunahing hanapbuhay sa mga komunidad na nakapalibot sa lawa. Kaugnay nito, naihanay ang uring salaysay na ito sa sikolohikal na teorya, na itinatag ni Virgilio G. Enriquez. Ang teoryang ito ay bumabalangkas sa kultura, hanapbuhay at damdamin ng bawat tao.

Ang pangalawang uri ng maiikling salaysay na turismo naman sa Lawa ng Mainit ay maaaring maging isang Magandang oportunidad para sa local na residente upang kumite at mapalago ang kanilang komunidad. Narito ang ilang potensyal na aspeto ng turismo sa Lawa ng Mainit. Ang una ay ang pampaligiran: Ang mga Lawa ng Mainit ay kadalasang pinipuntahan ng mga turista dahil sa kanilang kagandahan at natural na katangian. Ang pagbibigay ng mga serbisyong turismo tulad ng mga tour sa bangka, pagtulak ng mga aktibidad sa tubig tulad ng paglangoy o pagtakbo sa mga bangka.

Ang pangatlong maiikling salaysay sa Lawa ng mainit na libangan ay hindi lamang Magandang destinasyon para sa turismo kundi maaari rin silang maging lugar para sa ibat ibang uri ng libangan. Ang unang halimbawa ay ang pagsasaliksik sa kalikasan. Ang Lawa ng Mainit ay mayaman sa biodiversity at natatanging ekosistema. Ang pag-eksplorar at pagsasaliksik sa kalikasan sa paligid ng lawa tulad ng pag-observe ng ibat ibang uri ng mga hayop at halaman, ay maaaring maging isang mapaglibangan na gawain. Ang pangalawang halimbawa ng libangan ay ang aktibidadis sa tubig. Ang lawa ay nagbibigay ng pagkakataon para sa ibat ibang uri ng Gawain tulad ng paglangoy, at pagtakbo sa bangka. Ito ay maaaring pampalipas oras. Ang pangatlong halimbawa ng libangan ay fishing. Para sa taong mahilig sa pangingisda , ang lawa ng Mainit ay maaaring maging isang Magandang lugar upang maghakot ng isda. Ang pang-apat na halimbawa ng libangan ay ang piknik o camping. Ito ay maaaring perpekto para sa mga piknik at camping trip. Ang pagdadala ng mga tent at paglalagay ng kampamento sa tabi ng lawa ay maaaring magbigay ng karanasan sa kalikasan at mga alaala na hindi malilimutan. Ang pang-lima na halimbawa ng libangan ay ang wellness at pahinga. Ang pagtambay sa sa tabi ng lawa at pagmamasid sa kanyang kagandahan ay maaaring maging simpleng paraan ng pagpapahinga at pagpapasarap na nagnanais ng panandaliang pahinga mula sa kanilang araw-araw ng mga Gawain. Ang Lawa ng Mainit ay sentro ng pampalipas oras para sa indibidwal, pamilya at mga turista.

Ang tatlong maiikling salaysay ay maiugnay sa pilosopiya ng edukasyon na Constructivism (Jean Piaget at Lev Vygotsky). Ang Pilosopiyang ito ay humahanay sa sa aktibong pagbuo ng kaalaman mula sa karanasan at interaksyon. Ang pagkatuto ay isang konstruktibong proseso kung saan ang mga mag-aaral ay bumuo ng bagong kaalaman batay sa kanilang dating kaalaman at karanasan.

Ayon sa ginawang pakipanayam sa napiling dalawampu't limang (25) impormanteng nakatira malapit sa Lawa ng Mainit, labing lima sa kanila ang may karanasan ukol sa pangkabuhayang pangingisda, siyam na impormante naman ang may karanasan tungkol sa panlibangan o kanlungan kapag may problema, at isang (1) impormante naman ang may karanasan sa turismo. Ito ay nangangahulugan na ang Lawa ng Mainit ay sumisimbolo sa kabuhayan ng nakararami dahil hitik ito sa yamang isda tulad ng tilapia, pijanga, bugwan, hayuan, bangkok at kasili.

Ano- ano ang magkakatulad na baybay at bigkas ng mga salita ngunit magkaiba ang kahulugan sa Sinurigaonon ang matatagpuan sa Wikang Filipino?

**Talahanayan 2.** Mga Kahulugan sa wikang Filipino

| **Sinurigaonon** | **Filipino** |
|---|---|
| Mata | Mata |
| Barangay | Barangay |
| Lugar | Lugar |
| Panahon | Panahon |
| Bata | Bata |
| Sila | Sila |
| Kami | Kami |
| Ako | Ako |
| Ikaw | Ikaw |


IJARSCT
ISSN (Online) 2581-9429
International Journal of Advanced Research in Science, Communication and Technology (IJARSCT)
International Open-Access, Double-Blind, Peer-Reviewed, Refereed, Multidisciplinary Online Journal
Impact Factor: 7.53
Volume 4, Issue 2, August 2024

| | |
|---|---|
| Mangingisda | Mangingisda |
| Tubig | Tubig |
| Ilong | Ilong |
| Buhok | Buhok |
| Tatay | Tatay |
| Nanay | Nanay |
| Ate | Ate |
| Kuya | Kuya |
| Lolo | Lolo |
| Lola | Lola |
| Puti | Puti |
| Baso | Baso |
| Tindahan | Tindahan |
| Tindera | Tindera |
| Dahon | Dahoon |
| Kahoy | Kahoy |
| Sanga | Sanga |
| Bunga | Bunga |
| Isda | Isda |
| Bola | Bola |
| Kusina | Kusina |
| Balde | Balde |
| Sakit | Sakit |
| Hangin | Hangin |

**Talahalayan 3.** Mga salitang magkatulad ang baybay at bigkas ngunit magkaiba ang kahulugan.

| MGA SALITA | FILIPINO | BISAYA |
|---|---|---|
| Lawa | <br>www.flickr.com<br>Ito ay isang anyong tubig tabang na mas Malaki sa ilog at mas maliit sa dagat. | <br>www.youtube.com<br>Ito ay isang gagamba na may walong paa. Kilala ito sa kakayahang maghabi ng sapot, na ginagamit nito para hulihin ang mga insekto na nagsisilbing pagkain nila. |

IJARSCT
ISSN (Online) 2581-9429
International Journal of Advanced Research in Science, Communication and Technology (IJARSCT)
International Open-Access, Double-Blind, Peer-Reviewed, Refereed, Multidisciplinary Online Journal
Impact Factor: 7.53
Volume 4, Issue 2, August 2024

| | | |
|---|---|---|
| suot |   www.youtube.com<br>Pagsuot ng damit. |  www.youtube.com<br>Pumunta o nagtago sa masikip na lugar |
| puso |  tl.ablosconference.com<br>Parte ng katawan ng tao |  reelandgrill.blogspot.tw<br>Bunga ng saging |
| hawak |  angaklate.blogspot.com<br>Ginamit ang kamay sa paghawak ng aklat. |  www.lazada.com.ph<br>Parte ng katawan ng tao na baywang |
| kumot |  Isang tela na ginagamit sa pagtulog |  Mahigpit na pagkakahawak. |

IJARSCT

ISSN (Online) 2581-9429

International Journal of Advanced Research in Science, Communication and Technology (IJARSCT)

International Open-Access, Double-Blind, Peer-Reviewed, Refereed, Multidisciplinary Online Journal

Impact Factor: 7.53

Volume 4, Issue 2, August 2024

Binasa at sinuri ng mananaliksik kasama ang mga experto at kasamahang guro ang dalawampu't limang maiikling salaysay. Ayon sa pagsusuri, may talumpu't tatlong (33) mga salita ang may magkakatulad na baybay at bigkas sa Filipino at Sinurigaonon. Sa ganitong resulta, ang guro ay hindi na mahihirapang gamitin ang mga maiikling salaysay bilang pantulong sa pagtuturo sa elementarya dahil naidugtong nila ang kanilang pangunahing linggwahe ( Sinurigaonon) sa pangalawang linggwahe ( Filipino).

Gayun paman, mayroon 5 (lima) mga salita na iisa ang baybay at bigkas pero magkaiba ang kahulugan. Ito ay nangangahulugan na iilan lamang ang mga salita malilito at mahihirapan ang mga Kabataan.

Ayon sa pilosopiyang connectivism nina George Siemens at Stephen Downes, ang pagkatuto ay komukonekta sa isang impormasyon sa kanilang kapaligiran. Madali lang maituro ng guro ang Wikang Filipino sapagkat marami ring mga salita na magkapareho sa Sinurigaonon at Filipino. Dito, Mapabilis ang pagkatuto ng mga bata at hindi mahihirapan pa sa mga aralin.

Sa makatuwid, para sa mga mag-aaral, ang pagkakaroon ng kaalaman sa magkatulad na baybay at bigkas ay unang sumasalamin sa pang-unawang multikulturismo. Ito ay nagbibigay-daan sa mga bata na maintindihan ang kahalagahan ng multikulturismo at pagiging bukas sa ibat ibang kultura. Ito ay nagpapalawak ng kanilang pananaw at pag-unawa sa ibat ibang etniko at kultural na grupo sa Pilipinas. Ang pangalawa ay sumasalamin sa pagsasabuhay ng pagkakakilanlan. Sa pamamagitan ng pag-aaral ng kanilang sariling wika at wika ng iba, natutunan ng mga mag-aaral na ipahayag at ipagmalaki ang kanilang pagpapakakilanlan. Ito ay nagpapalakas ng kanilang pagkakaisa at pagmamalaki sa kanilang kulturang pinagmulan. Ang pangatlong simbolo ng magkatulad na bigkas at baybay ay ang pagsasanay sa komunikasyo. Ito ay nagpapalakas ng kasanayan sa komunikasyon, hindi lamang sa pagsasalita kundi pati na rin sa pagsulat. Ito ay mahalaga sa para sa mag-aaral upang maging epektibong komunikador sa ibat ibang sitwasyon at larangan.

Kaugnay nito, ang magkakatulad na bigkas at baybay sa sSinurigaonon at Filipino ay nagpapatibay ng kahalagahan sa pagtuturo. Naggamit ang Varied Approaches. Ito ay nagbibigay ng pagkakataon ng mga guro na gamitin ang ibat ibang pamamaraan at estratehiya sa pagtuturo. Madali lang din maabot ng mga guro ang mga mag-aaral dahil may mga salitang pamilyar ang mga bata at naiugnay nila iyon sa wikang pinag-aaralan.

3.Ano-ano ang mga kompetensi sa DepEd na naisakatuparan sa pamamagitan ng paggamit ng mga salaysay na halaw sa Lawa ng Mainit?

Narito ang talahanayan sa mga kompetensi ng DepEd na naisakatuparan sa pamamagitan ng paggamit ng mga salaysay na halaw sa Lawa ng Mainit.

**Talahalayan 4.** Markahan mula sa DepEd para sa Learning Kompetensi

| BAITANG | MARKAHAN | Maiikling Salaysay | Learning Kompetensi sa DepEd |
|---|---|---|---|
| 3 | 1 | 1.Ang Lawa ng Mainit | Nagagamit ang pangngalan sa pagsasalaysay tungkol sa mga tao, lugar at bagay sa paligid |
| 3 | 1 | 2.Alon | Nagagamit ang naunang kaalaman o karanasan sa pag-unawa ng napakinggan at nabasang teksto |
| 3 | 1 | 3.Ang Fishcage ni Marjhun | Nasasagot ang mga tanong tungkol sa kuwento, usapan, teksto, balita at tula |
| 3 | 1 | 4.Ang Mapagtapos ang Tatlong Anak | Nababasa ang mga salitang may tatlong pantig pataas |
| 3 | 1 | 5.Tagu-Taguan | Natutukoy ang mga salitang may klister |
| 3 | 1 | 6.Ang Pinagkukunan ng Kabuhayan | Natutukoy ang wastong baybay ng mga salita. |
| 3 | 1 | 7.Pagpupursige para sa Kinabukasan | Nakasusunod sa nakasulat na panuto na may 2-4 hakbang |
| 3 | 1 | 8.Daluyong | Nagagamit sa usapan ang mga salitang pamalit sa ngalan ng tao (ako, ikaw, siya, kami, tayo, kayo at sila,) |
| 3 | 1 | 9.Bakasyon | Nagagamit ang magalang na pananalita na angkop sa |

IJARSCT
ISSN (Online) 2581-9429
International Journal of Advanced Research in Science, Communication and Technology (IJARSCT)
International Open-Access, Double-Blind, Peer-Reviewed, Refereed, Multidisciplinary Online Journal
Impact Factor: 7.53
Volume 4, Issue 2, August 2024

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | | sitwasyon (pagbati, pakikipag–usap, paghingi ng paumanhin, pakikipag-usap sa matatanda at hindi kakilala, at panghihiram ng gamit) |
| 3 | 1 | 10.Sakripisyo | Nailalarawan ang mga elemento ng kuwento (tauhan, tagpuan, banghay) |
| 3 | 1 | 11.Ang Hamon ni Mang Alejandre | Naisasalaysay muli ang teksto nang may tamang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa tulong ng pamatnubay na tanong at balangkas |
| 3 | 1 | 12.Hiwaga | Nagagamit ang malaki at maliit na letra sa pagsulat ng mga salitang natutunan sa aralin, salitang dinaglat, salitang hiram, parirala, pangungusap, at talata |
| 3 | 1 | 13.Alon ng Buhay | Nagagamit ang wastong bantas sa pangungusap |
| 3 | 2 | 14.Alaala'y Nakaukit | Nakapagbibigay ng wakas sa binasa |
| 3 | 2 | 15.Lambat | Magkasalungat at magkasingkahulugan na salita |
| 3 | 2 | 16. sagisag ng Pag-asa | Salitang magkatugma |
| 3 | 3 | 17.Paglangoy | Mga tambalang salita |
| 3 | 2 | 18.Hamon ng Buhay | Nagagamit ang angkop na pagtatanong ( ano, sino, saan, kailan,at magkano |
| 3 | 3 | 19. Bagong Kaibigan | Nagagamit ang tamang salitang kilos/ pandiwa sa pagsasalaysay ng mga personal na karanasan |
| 3 | 3 | 20.Hangga't Bata pa sa Lawa | Nagagamit nang wasto ang mga pang-abay na naglalarawan ng isang kilos o gawi |
| 3 | 3 | 21.Hiwaga sa Lawa | Sanhi at Bunga |
| 3 | 4 | 22.Floating Cottage | Nabibigay ng mungkahing solusyon sa suliraning nabasa sa isang teskto o napanood |
| 3 | 4 | 23.Kaibigan | Nagagamit nang wasto ang pang-ukol (laban sa, ayon sa, para sa, ukol sa, tungkol sa) |
| 3 | 4 | 24.Bangka | Napagsasama ang mga katinig at patinig upang makabuo ng salitang may diptonggo |
| 3 | 4 | 25.Payapang Dala ng Lawa | Natutukoy ang mahahalagang detalye kaugnay ng paksang narinig |

Ang mga maiikling salaysay na nakapaloob sa itaas ay nakabatay sa Learning Competency ng Departamento ng Edukasyon ng ikatlong baiting. May dalawampu't limang learning competency ng DepEd ang pinili ng mananaliksik. Ito ay pinili mula sa unang kwarter, pangalawang kwarter, pangatlong kwarter, at pang-apat na kwarter. Bawat maiikling salaysay ay may nakalaan na mga tanong na nakabatay sa salaysay ng mga impormante. Ang mananaliksik ay gumawa rin ng learning activities para pantulong ng guro sa pagtuturo sa elementarya. Sa ganitong paraan, mapadali ang pagbibigay ng gawain sa mga mag-aaral dahil pwede itong gamitin bilang pangganyak, pagtatalakay, pangkatang gawain, at pagtataya.

Kaugnay nito, mailalapat ang teoryang cognitivism(Jean Piaget at Jerome Bruner) na naglalayong aktibong pagpapaunlad ng kaalaman mula sa karanasan at interaksyon. Sa pagtuturo ng mga kompetensi o mga aralin, mahalagang ang bawat mag-aaral ay may interaksyon para maging masigasig ang bawat klase. Sa ganitong paraan, mapagaan ang pagtuturo ng guro sa bawat aralin.

Kaugnay nito, makikita sa talahanayan na nasa ibaba ang ibat ibang kultura ng Mainit na namana galing pa sa kanilang mga ninuno.

**Talahanayan 5:** Kultura

| **Maiikling Salaysay** | **Kategorya ng Kalinangan** | **Kultura** | **Tagatugon** |
|---|---|---|---|
| 1.Ang Lawa ng Mainit | **Pamumuhay**<br><br>**Pamumuhay** | **Pangingisda**<br><br>**Pagasaka** | -Ang mga mangingisda ay nagbabalik sa laot.<br>- *Isang umaga, napagtanto ng mga tao na hindi lamang ang pangingisda ang kanilang maaring kunan ng pang araw-araw na hanapbuhay sa gilid ng lawa kundi mayroon pa, natuklasan ng mga mangingisda ang napakagandang tanawin ng mga puno ng niyog sa gilid ng lawa. Naisip ng ilan na gawing produkto ang mga niyog, kung kaya't, nagsimula silang magtanim ng iba pa nito sa baybayin.* |
| 2.Alon | **Pakikitungo sa kapwa** | **Pagtulong sa mga magulang** | *Si Boboy ang tumutulong sa kaniyang ama sa pangingisda sa edad na pitong taong gulang.* |
| 3.Ang Fishcage ni Marjhun | **Pamumuhay** | **Pagtayo ng negosyo** | *Sa pagnanais ni Marjhun na mapalago ang kanyang hanapbuhay, nagpasiya siyang magtayo ng isang fishcage sa lawa.* |
| 4.Ang Mapagtapos ang Tatlong Anak | **Pamumuhay** | **Pangingisda** | *Si Mang Kaloy ay isang mangingisda na matiyagang sumasagwan sa malalim na lawa tuwing umaga* |
| 5.Tagu-Taguan | **Mga nakaugalian** | **Pagmamahal sa kalikasan** | *Sa ilalim ng kumikinang na sikat ng araw, naglalaro sila ng Tagu-taguan at tumbang preso habang tinatangkang iwasan ang malilit na tanim na nakaharang sa kanilang daan.* |
| 6.Ang Pinagkukunan ng Kabuhayan | **Mga nakaugalian** | **Pagmamahal sa kalikasan** | *Sa bawat pagsisid ni Sanny sa malalim na lawa, hindi lang niya iniisip ang paghuhuli ng isda, kundi pati na rin ang pangangalaga sa kalikasan. Ipinamana sa kanya ng kanyang mga magulang ang pagiging mapagmahal sa kapaligiran, at ito rin ang itinuro niya kay Susan. Sa bawat pag-uwi ni Sanny, magkasama silang naglilinis ng mga basura sa paligid ng lawa at nagtatanim ng mga puno upang mapanatili ang ganda nito.* |
| 7.Pagpupursige para sa Kinabukasan | **Pakikitungo sa Kapwa** | **Pagtulong sa Magulang** | *nagtatarabaho kasama ang kaniyang ama, subalit alam niyang ang lahat ng paghihirap ay mapapalitan din ng kaginhawaan.* |
| 8.Daluyong | **Pakikitungo sa Kapwa** | **Bayanihan** | *Sa gitna ng kanilang pagsubok, nagtulungan ang pamilya upang malampasan ang mga hamon na kanilang kinakaharap.* |
| 9.Bakasyon | **Tradisyon at kaugalian** | **Pagliwaliw kasama ang mga kaibigan** | *Araw ng Sabado, maagang gumising ang magkakaibigan dahil iyon kasi ang araw ng kanilang paliligo sa lawa.* |

| | | | |
|---|---|---|---|
| 10.Sakripisyo | **Nakaugalian** | **Paniniwala sa Panginoon** | *Sa tulong ng isang himala, ligtas na nakalabas ang kanyang ama mula sa panganib.* |
| 11.Ang Hamon ni Mang Alejandre | **Pamumuhay** | **Pangingisda** | *Sa tuwing lilisanin niya ang kanilang tahanan, siya'y laging bitbit ang kanyang mga kagamitan sa pangingisda – ang pamukot, pangiskren, pamana, at pamantak. Ito ang kanyang mga sandata sa laban upang makapaghanap ng sapat na isda para sa kanilang pamilya. Sa bawat paghila ng lambat, kinakailangan ang higit na pasensya at detrminasyon. Hindi biro ang buhay ng isang mangingisda.* |
| 12.Hiwaga | **Mga Nakaugalian** | **Paggamit ng mga katutubong kaugalian** | *Sa hamon ng buhay na palaging kasama ng kahit na sino, naging daan sa ilan ang lawa para harapin ang hinaharap, maging puno man ito ng lungkot o kayay tuwa. Tumayo si Ana mula sa pagkakaupo at nasabing "Tunay na payapang hatid mong hiwaga, Lawang Mainit".* |
| 13.Alon ng Buhay | **Mga Nakaugalian** | **Paggamit ng mga katutubong kaugalian** | *Sa kabila ng hamon na dumating, hindi nagpatinag si Bebeng at ang kanyang pamilya. Sa tulong ng pagmamahalan at pagtitiwala sa isa't-isa, nagpatuloy sila sa kanilang paglalakbay tungo sa mga minimithing pangarap.* |
| 14.Alaala'y Nakaukit | **Mga Nakaugalian** | **Pananampalataya sa Panginoon** | *Ang mag- asawang sina Mang Ondo at Aling Blessila ay nagtataguyod ng kanilang pamilya nang may pagmamahal at pananampalataya sa Diyos.* |
| 15.Lambat | **Pamumuhay** | **Pangingisda** | *Gamit ang simple ngunit epektibong lambat, nakakakuha siya ng iba't-ibang klase ng isda tulad ng tilapia, hito, at karpa.* |
| 16. sagisag ng Pag-asa | **Mga Nakaugalian** | **-Paglalako ng mga paninda sa yamang lawa**<br><br>**-Pagtutulungan** | *Ang kanyang mga anak na sina Jimmy at Rosel ang naglako ng kanilang tinda na egi, bagama't mahiyain sila sa una, masaya si Mang Romeo na Makita silang nagtatrabaho at nakakatulong sa pamilya.* |
| 17.Paglangoy | **Mga Nakaugalian** | **Paglangoy** | *Dahil sa kanyang karanasan at kakayahan sa paglangoy, si Aling Jocelyn ang napili ng kanilang ulong-guro upang magturo sa dalawang batang mag-aaral sa paaralan.* |
| 19. Bagong Kaibigan | **Mga Nakaugalian** | **Paniniwala sa mga diwata** | *Ang sabi ng manggagamot ay may nagkakagusto ni Ryan na isang diwata. Kaya maraming huling isda araw araw dahil binigay ito ng diwata ng kusa. Ang kapalit ng isda ay ang asawa ni Riza.* |
| 20.Hangga't Bata pa sa | **Mga Nkaugalian** | **Bonding ng Pamilya** | *Tuwang-tuwa si Gin ng malaman niya ito,* |

| | | | |
|---|---|---|---|
| Lawa | | | *sumakay na sila sa bangka, tunay na nasiyahan si Gin sa kaniyang paglilibot sa lawa kasama ang kaniyang ama.* |
| 21.Hiwaga sa Lawa | **Mga Nakaugalian** | **Paniniwala sa mga Diwata** | *Napahanga si Dev ng makita niya ang napaka gandang imahe ng babae, nakita siya nito at ngumiti ito sa kaniya at saka siya kinawayan. Ngumiti at kumaway pabalik si Dev sa babae. Alam ni Dev na siya ang tagapangalaga sa lawa, ramdan niya ito.* |
| 22.Floating Cottage | **Mga Nakaugalian** | **Bonding sa mga kaibigan at pamilya** | *Ang nayon ng Tapian ay sikat din sa mga karatig-lugar dahil sa kanilang floating cottage kung saan maaaring magbonding ang mga pamilya at kaibigan. Ito ay kinagigiliwan ng marami dahil sa malamig na simoy ng hangin at nagpapawi ng mga suliranin sa buhay.* |
| 23.Kaibigan | **Mga Nakaugalian** | **Bonding sa mga kaibigan** | *Ang kaibigang matagal na niyang pinangarap. Simula noon palagi na silang magkasama sa pagligo sa lawa. Magkasama rin silang naglalaro sa kanilang bahay.* |
| 24.Bangka | **Mga Nakaugalian** | **Bonding sa mga kaibigan** | *Nahihiligan nina Jona at Ayen ang magbugsay-bugsay sa lawa ng Mainit.* |
| 25. Payapang Dala ng Lawa | **Mga Nakaugalian** | **Pagmamahal sa Kalikasan** | *niyakap siya ng mga ito at saka humingi ng tawad kung kayat niyakap niya din ang mga ito pabalik. Napakagaan ng kaniyang nararamdaman, sa ganitong sitwasyon, tanging ang lawa ng Mainit ang kaniyang naaalala.* |

Ang talahanayan sa itaas ay nagpapakita ng mga kaugalian at kultura ng isang lugar. Ipinapakita nito ang kulturang pamumuhay, kulturang pakikitungo sa kapwa, at mga kaugalian. Tanyag ang mga Pilipino sa mga mabubuting kultur ana ipinamana sa mga ninuno noong unang sigla.

Ang kultura ay may mahalagang papel sa paghubog ng pagkakakilanlan, pagpapahalaga, at kaalaman ng mga mag-aaral. Narito ang ilan sa mga pangunahing pakinabang ng kultura sa mga mag-aaral: 1. ***Pag-unlad ng Kritikal na Pag-iisip***: Ang pag-aaral ng kultura ay nagbibigay-daan sa mga mag-aaral na maunawaan ang iba't ibang pananaw at tradisyon. Sa pamamagitan ng pagkilala sa iba't ibang kultura, natututo silang magtanong, magsuri, at bumuo ng mga opinyon batay sa mas malalim na pag-unawa sa mundo. 2. ***Pagpapalawak ng Pangkaalaman at Kakayahang Komunikatibo***: Ang pag-aaral ng iba't ibang kultura ay tumutulong sa mga mag-aaral na palawakin ang kanilang kaalaman at pag-unawa sa iba't ibang aspeto ng lipunan, kabilang ang wika, kasaysayan, at sining. Ito rin ay nagpapabuti ng kanilang kakayahan sa komunikasyon sa iba't ibang tao na may iba't ibang pinagmulan. 3. ***Paglinang ng Empatiya at Toleransiya***: Ang pagkilala at pag-unawa sa iba't ibang kultura ay nagtuturo sa mga mag-aaral ng empatiya at respeto sa iba. Sa pamamagitan nito, natututo silang tanggapin at igalang ang pagkakaiba-iba ng mga tao, na mahalaga sa isang globalisadong mundo. 4. ***Paghubog ng Pagkakakilanlan***: Ang pag-aaral ng sariling kultura ay nakatutulong sa mga mag-aaral na maunawaan ang kanilang sariling pagkakakilanlan at mga pinagmulan. Ito ay mahalaga sa kanilang pag-unlad bilang indibidwal at miyembro ng isang komunidad.

Ayon sa isang pag-aaral, ang edukasyong pangkultura ay may positibong epekto sa pag-unlad ng kakayahang mag-isip nang malikhain at kritikal sa mga mag-aaral. Ang pagkilala at pag-unawa sa iba't ibang kultura ay nagpapabuti rin ng kanilang kakayahang makipag-ugnayan at makisalamuha sa iba't ibang tao (Nieto, 2010).

**Talahanayan 6:** Mga Krayterya sa pagpili ng mga Impormante

| Pangalan | Bilang ng taon sa paninirahan | Bilang ng taon sa pagiging mangingisda | Gulang | Inirekomenda ng mga Opisyales ng Barangay? |
|---|---|---|---|---|
| 1.Joel S. Cordovez | 51 | 7 | 51 | OO, Inirekomenda |
| 2. Jomar T. Labe | 30 | | 30 | OO, Inirekomenda |
| 3.Marjhun Paradero | 31 | | 31 | OO, Inirekomenda |
| 4.Reynaldo O.Cabalan | 53 | 20 | 53 | OO, Inirekomenda |
| 5.Nick B. Mondano | 31 | | 31 | OO, Inirekomenda |
| 6.Jerome E.Balasabas | 53 | 15 | 53 | OO, Inirekomenda |
| 7.Lynlyn D. Pantilo | 29 | | 29 | OO, Inirekomenda |
| 8.Florah L. Pendulas | 55 | | 55 | OO, Inirekomenda |
| 9.Filgrems L.Caputol | 38 | | 38 | OO, Inirekomenda |
| 10.Jeanette S. Escalante | 47 | | 47 | OO, Inirekomenda |
| 11.Alejandre Diamola | 56 | 30 | 56 | OO, Inirekomenda |
| 12.Anaricel L. Gaspar | 47 | | 47 | OO, Inirekomenda |
| 13.Beverly E. Alquizar | 50 | | 50 | OO, Inirekomenda |
| 14.Blessila I. Barcelona | 46 | | 46 | OO, Inirekomenda |
| 15.Bonifacio Mondano | 45 | 10 | 45 | OO, Inirekomenda |
| 16.Romeo B. Mission | 62 | | 62 | OO, Inirekomenda |
| 17.Jocelyn A. Moleta | 49 | | 49 | OO, Inirekomenda |
| 18.Riza D. Manangan | 36 | | 36 | OO, Inirekomenda |
| 19.Louiela May J. Rein | 68 | | 68 | OO, Inirekomenda |
| 20.Virginia M. Batiancilla | 55 | | 55 | OO, Inirekomenda |
| 21.Devanie G. Bacat | 31 | | 31 | OO, Inirekomenda |
| 22.Alvin M. Buniel | 45 | | 45 | OO, Inirekomenda |
| 23.Emilyn M. Tañare | 40 | | 40 | OO, Inirekomenda |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 24.Jona M. Sila | 35 | | 35 | OO, Inirekomenda |
| 25.Jasmine P. Sta. Ana | 40 | | 40 | OO, Inirekomenda |

Ang paggawa ng mga krayterya para sa mga impormante ay mahalaga para sa mga sumusunod na dahilan: 1. ***Pagtiyak ng Kalidad ng Impormasyon***: Ang pagkakaroon ng malinaw na krayterya ay tumutulong upang masiguro na ang mga impormante ay nagbibigay ng tumpak, maaasahan, at kapaki-pakinabang na impormasyon. Sa ganitong paraan, mas madaling ma-filter ang tamang impormasyon mula sa mga impormanteng may sapat na kaalaman at karanasan sa paksa. 2. ***Pagpili ng Tamang Impormante***: Ang mga krayterya ay nagsisilbing gabay upang piliin ang mga impormanteng may kaukulang kaalaman, kredibilidad, at karanasan. Tinutulungan nito ang mga mananaliksik o nag-iinterbyu na makapili ng tamang mga tao na magbibigay ng mahalagang datos at pananaw. 3. ***Pagkakaroon ng Konsistensya***: Sa pamamagitan ng mga krayterya, nasisiguro na ang pamantayan para sa pagpili ng mga impormante ay pare-pareho, na nagreresulta sa mas sistematikong proseso ng pagkalap ng impormasyon. Nakakatulong ito sa pagbibigay ng isang standard na basehan para sa pagsusuri at interpretasyon ng mga datos. 4. ***Pag-iwas sa Bias***: Ang mga krayterya ay nagbibigay ng objektibong pamantayan na makakatulong upang maiwasan ang personal na bias sa pagpili ng mga impormante. Sa halip na umasa sa mga opinyon o paboritismo, ang pagpili ay nakabatay sa mga nakatakdang pamantayan. 5. ***Epektibong Paggamit ng Oras at Resources***: Sa pamamagitan ng pagbuo ng mga krayterya, mas nagiging epektibo ang paggamit ng oras at resources dahil napipili lamang ang mga impormanteng tunay na may kaugnayan at kontribusyon sa pag-aaral o proyekto. Ayon sa isang artikulo, ang pagkakaroon ng malinaw na krayterya sa pagpili ng mga impormante ay nagdudulot ng mas mataas na kalidad ng datos at mas sistematikong resulta sa isang pananaliksik (Miles, Huberman, & Saldaña, 2014).

## KABANATA 4
## Buod, Konklusyon at Rekomendasyon

### Buod

Nakapokus ang pananaliksik na ito sa isang “Maiikling Salaysay Hinggil sa Lawa ng Mainit: Lunsaran sa pagtuturo sa elementarya”. Ang pokus ay nakatuon sa paglalarawan ng kagandahan at kahalagahan ng nasabing lawa. Ipinapakita sa mga batang mag-aaral ang mga likas na yaman ng Pilipinas tulad ng kagandahan ng kalikasan at ang mahalagang papel ng tubig at mga halaman sa ekosistema.

Tugon din ito sa hangarin ng programang K to 12 kurikulum na kailangang malinang ang pagpapahalagang pampanitikan ng mga mag-aaral sa kanilang partikular na lugar sa mithiing lokalisasyon at kontekswalisasyon sa kurikulum. Lalong mapalapit ang mga mag-aaral sa kanilang lugar kung ang mga kagamitang pampagtuturo na ginagamit sa pagtuturo ay malapit sa kanilang diwa at puso. Isa itong uri ng mahalagang panlunas na tumutulong sa mga mag-aaral upang makapagplano ng sari-sariling mga buhay, upang matugunan ang kanilang mga suliranin, at upang maunawaan ang diwa ng kalikasan ng pagiging makatao. Maaaring mawala o maubos ang mga kayamanan ng isang tao, at maging ang kanyang pagiging makabayan, subalit hindi ang panitikan. Sa panlipunan, pambansa, at pandaigdigang kaukulan, isa ang panitikan sa pinagbabatayan ng pagkakaroon ng buhay at katagumpayan ng isang bansa (De Juan, 2015). Salamin din ang panitikan sa kulturang gumagana sa isang komunidad. Sa bayan ng Mainit, bawat barangay ay mayaman sa tradisyon at kultura.

Kaugnay nito, ipinapakita ang Lawa ng Mainit bilang isang tahanan ng iba’t ibang uri ng hayop at halaman na sumasalamin sa kayamanan ng kalikasan ng bansa. Binibigyang-diin din ang kahalagahan ng pagmamalasakit at pangangalaga sa kapaligiran upang mapanatili ang kagandahan at kaligtasan ng lawa ng Mainit para sa kasalukuyan at hinaharap.

Sa paggamit ng salaysay na ito bilang lunsaran sa pagtuturo sa Wikang Filipino sa elementarya, ang mga batang mag-aaral ay maipakita ang kanilang kakayahan sa pag-unawa at pagpapahalaga sa sariling wika habang natututo sila ng mga konsepto tungkol sa kalikasan at kapaligiran.

Ginamit ng mananaliksik sa pag-aaral na ito ang paraang palarawan sa uri nito na Sarbey. Samantala, sarbey din ang ginamit sa pagbigay ng patunay upang mawasto ang mga nakalap na mga salayasay hinggil sa Lawa ng Mainit.

Bukod sa mga batayang aklat, gumawa rin ng isang panayam gamit ang semi-structured narrative method of interview ang piling kalahok. Convenience sampling ang ginamit ng mananaliksik ng mga impormante upang masigurong pawang may karanasan ang makuhang kalahok.

Sinuri ng mananaliksik ang mga datos mula sa mga impormante at isinulat ang kanilang salaysay o karanasan tungkol sa hanapbuhay na pangingisda, turismo, at libangan na nakapaloob sa Lawa ng Mainit. Gawan ito ng workbook na may mga katanungang nakabatay sa learning competency ng DepEd.

**Natuklasan:**

Ang Lawa ng Mainit ay pangunahing pinagkukunan ng kabuhayan ng mga lokal na mangingisda. Ang lawa ay tahanan ng iba't ibang uri ng isda, kabilang ang tilapia at hito, na mahalaga sa lokal na merkado. Napag-alaman na ang labis na pangingisda at di-sapat na pangangalaga sa lawa ay nagdudulot ng pagkaubos ng mga isda, kaya may mga hakbang na iminungkahi upang mapanatili ang suplay ng isda sa lawa, tulad ng pagsulong ng sustainable fishing practices.

Kilala ang lawa bilang isang lugar ng libangan para sa mga residente at turista. Dito maaaring mag-picnic, mag-kayaking, o mag-relax sa mga hot springs na matatagpuan sa paligid ng lawa. Ang mala-kristal na tubig ng lawa at ang paligid nitong bundok ay nagbibigay ng tahimik at maginhawang kapaligiran na ideal para sa mga naglalakbay upang magpahinga at maglibang.

Isa sa mga pangunahing atraksyon ng lawa ay ang mga mainit na bukal (hot springs), na dinarayo ng mga turista. Ito ay hindi lamang nagbibigay ng kasiyahan kundi pati na rin ng alternatibong paraan ng pagpapagaling o relaxation. Ang pagdami ng mga turista ay nagbubukas ng mga oportunidad para sa lokal na negosyo, gaya ng mga resort, kainan, at mga aktibidad na may kaugnayan sa tubig. Subalit, kasabay ng pag-unlad ng turismo, kinakailangan ding tiyakin na ang kapaligiran ng lawa ay mapapangalagaan upang hindi masira ang natural nitong estado.

Sa kabuuan, ang Lawa ng Mainit ay isang mahalagang bahagi ng pamumuhay ng mga tao sa paligid nito, hindi lamang sa aspeto ng pangingisda kundi pati na rin sa libangan at turismo. Mahalaga ang pagpapanatili ng balanseng relasyon sa pagitan ng paggamit ng likas-yaman at pangangalaga sa kapaligiran upang mapanatili ang kasaganaan ng lawa para sa mga susunod na henerasyon.

**Konklusyon:**

Hindi lamang ang maingay na syudad ang magiging kanlungan ng kaligayahan ng isang indibidwal o pamilya kundi ang magandang kalikasan. Ang maiikling salayasay ng Lawa ng Mainit ay salamin sa kulturang pampamilya. Ito rin ay mabisang pantulong sa pagtuturo. Ang mga salaysay ay mabisang kagamitang pagtuturo sa mga guro sa elementarya sa mga paksa sa pagbasa at pagpapahalaga sa panitikan.

Batay rin sa natuklasan, nabuo ang paglalahad na ang maiikling salaysay hinggil sa Lawa ng Mainit ay ang pagpapahalaga sa kalikasan na siyang mundo ng mga mag-aaral na mabisang tulay sa kanilang pag-aaral sa Wikang Filipino. Ang mundo nila ang tagapag-ingat ng kanilang kultura mula ng sila ay isilang. Kaya madali silang maabot ng mga guro at madali silang matuturuan dahil hindi na kailangang ipaliwanag dahil sangkot dito ang kanilang pandama hindi lang ang kanilang kaisipan. Kapag sangkot ang kanilang pandama, ang kasiglahan nila sa pagkatuto ay mabilis at hindi sila mapapagod sa pag-aaral lalo na sa Wikang Fipino.

**Rekomendasyon:**

Ang pag-aaral na ito ay nagnanais na makatulong sa pamamagitan ng mga rekomendasyon batay sa mga natuklasan:

Likumin ang iba pang mga salaysay ng mga taong may karanasan hinggil sa Lawa ng Mainit para mapanatili ang kultura ng isang lugar para maingatan at maipamana ito sa bagong mga henerasyon at gamitin bilang isa sa kagamitang panturo ng valyus;

Magsagawa ang mga LGU o lokal na pamahalaan ng mga hakbangin na malikom at maimbak ang iba't ibang salaysay hinggil sa Lawa ng Mainit at isasadula ito sa mga natatanging pagdiriwang sa Bayan ng Mainit upang mapreserba ang kultura;

Gawing Lunsaran ang mga maiikling salaysay sa pagtuturo sa Filipino sa lahat ng paaralan sa Elementarya.

**Pasasalamat**

Taos-pusong pasasalamat ang ipinapaabot ng mananaliksik sa lahat ng tumulong at sumuporta sa pag-aaral na ito.

Una sa lahat, ang taos-pusong pasasalamat ay para sa Poong Maykapal sa lahat ng biyaya, lalo na sa pag-aaral na ito.
Pasasalamat din kay Ryan B. Galgo, sa mga magulang na sina Romeo B. Mission at Arcilly G. Mission, at sa mga kapatid na sina Jimmy, Rosel, at Janeth Mission para sa kanilang walang sawang suporta at pagmamahal.
Salamat kay Gng. Pilmore M. Causing, MA, tagapayo at editor, para sa patnubay at kontribusyon sa pag-aaral.
Pasasalamat din kay Dr. Gemma R. Escultor, sa kanyang patuloy na payo at gabay mula simula hanggang katapusan ng pag-aaral.
Salamat kay Dr. Lorenzo Macasocol at kay G. Emmanuel L. Adlaon sa kanilang pahintulot na makapag-aral.
Pasasalamat din sa mga miyembro ng panel ng pagsisiyasat na sina Dr. Gregorio Z. Gamboa Jr., Dr. Mauricio Adlaon, Dr. Merlyn L. Estoque, at Dr. Rosario B. Dizon para sa kanilang karagdagang kaalaman.
Sa labing dalawang Punong Barangay ng Municipality ng Mainit, Surigao del Norte, at sa mga impormante na nagbigay ng mahalagang impormasyon para sa pag-aaral.
At sa mga katrabaho na sina Annabel C. Perocho, Nick Mondano, at Teody C. Madelo, maraming salamat mula sa kaibuturan ng puso ng mananaliksik.
Maraming salamat po!

## TALASANGGUNIAN

[1] Abarquez, A. (2021) Lens of Language and literarure programs in the new normal educational setting amidst the pandemic. https://eric.ed.gov/?id=EJ1322044.
[2] Delacruz, J.A. (2022, February 6). Ano ang Kultura? Tagalog Lang. Retrieved April 22, 2022, from https://www.tagaloglang.com/ano-ang-kultura/
[3] Department of Education. (2020). DM no. 89, s. 2020 clarification on the use of the most essential learning competency (MELCs) and other related issue. https://depeddasma.edu-clarifications.edu.ph/dm-%20no%20%2089-clarifications -on-the-use-of-the-most-essential-learning- competencies- MELCs-and-%-20-other related.
[4] Department of Education. (2020). MELCs Guidelines. https://commons.deped.gov.ph/MELCs-Guidelines.pdf.
[5] Evangelista, RA. (2022). Ang guro sa panahon ng pandemya sa kurrikulum sa pagtuturo ng filipino sa bagong normal.7 Eyes Production Book Publishing. ELCOMBLUS. Retrieved April 23, 2022, from https://www.elcomblus.com/ang-tekstong-naratibo-kahulugan-katangian-elemento-at-halimbawa/
[6] Ismael, J.J.(2020), February 13). Survey: Many Filipinos dissatisfied with k-12. The Manila Times. https://www.manilatimes.net/2020/02/13/news/national/survey-many-filipinos-dissatisfied-with-k-to-12/685511
[7] Iligan (2020) na ibinabatay ang maikling kwento na sumasalamin sa tradisyon ng mga tao na nagpapakita ng kanilang pagkakakilanlan.
[8] Ki. (2020, February 6). Ano ang Kultura?- Kulturang Pilipino ( Philippine Culture) . Philippine News- Retrieved April 22, 2022 from https: //philNews.ph/2020/02/06/ ano-ang -kultura-kulturang-pilipino-philippine-culture/
[9] Lowrey, S. at G.E. Johnson (2011). Interpretative Reading Techniques and Selections. New York. Appeton-Century- Crofts, Inc.
[10] Lake Mainit Development Alliance. 2005. Lake Mainit Fisheries Resource Assessment: Preliminary InvestigationReport. 137pp.
[11] Miles, M. B., Huberman, A. M., & Saldaña, J. (2014). Qualitative Data Analysis: A Methods Sourcebook. SAGE Publications.
[12] Nieto, S. (2010). The Light in Their Eyes: Creating Multicultural Learning Communities. Teachers College Press.
[13] Persaud, C. (2021). Pedagogy: What educators need to know. Top Hat. Retrieved from https://resourced.prometheanword.com/pedagogy-learning-practices/
[14] Ramos, Maria S. (1984) Panitikang Pilipino. Manila: Katha Publishing Company. (Page 3)
[15] Wikipedia-Lake Mainit Description

IJARSCT
ISSN (Online) 2581-9429
International Journal of Advanced Research in Science, Communication and Technology (IJARSCT)
International Open-Access, Double-Blind, Peer-Reviewed, Refereed, Multidisciplinary Online Journal
Impact Factor: 7.53
Volume 4, Issue 2, August 2024

https://en.m.wikipedia.org/wiki/Lake_Mainit-description
https://lmda.wordpress.com/2008/02/08/legend-of-lake-mainit/